Republic of the Philippines
OFFICE OF THE PRESIDENT
COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

Commission on Higher Education
OFFICIAL RELEASE
CHED Central Office
RECORDS SECTION
C.P. Garcia Ave., U.P. Diliman, Q.C.

KALATAS MULA SA TAGAPANGULO

PARA SA : **LAHAT NG TAGAPAMUNO NG SENTRAL AT MGA PANREHIYONG TANGGAPAN NG KOMISYON**
LAHAT NG PRESIDENTE/ TAGAPANGULO NG MGA PAMPUBLIKO AT PRIBADONG KOLEHIYO AT UNIBERSIDAD

PAKSA : **PARTISIPASYON SA IKA-44 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO NA MAY TEMANG, "PINOY NETIZEN: ANG PAPEL NG SOCIAL MEDIA AT DIGITAL TECHNOLOGY SA KULTURA, LIPUNAN AT SIKOLOHIYANG PILIPINO" NA GAGANAPIN SA DARATING NA NOBYEMBRE 14-15, 2019 SA UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN, LUNGSOD NG QUEZON**

PETSA : 28 Agosto 2019

Alinsunod sa mga partikular na probisyon ng *Republic Act (R.A.) No. 7722*, na kilala rin bilang *"Higher Education Act of 1994"*, malugod na iniendorso ng Tanggapang ito ang nasabing aktibidad na inorganisa ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), para sa suporta at partisipasyon ng mga kinauukulan sa mga aktibidad at programa kaugnay ng gawaing ito.

Bukas ang aktibidad na ito sa lahat ng mga interesadong estudyante, tagapagturo, tagapangasiwa, at practitioner mula sa Mga Higher Education Institution (HEI).

Ang pakikilahok ng mga opisyal, empleyado o estudyante mula sa mga pribadong kolehiyo at unibersidad ay BOLUNTARYO. Samantala, ang sinomang opisyal o empleyado ng mga pampublikong kolehiyo at unibersidad na nagnanais lumahok sa nasabing aktibidad ay pinaaalalahanan sa wastong paggamit ng pondo ng gobyerno alinsunod sa *Department of Budget and Management (DBM) National Budget Circular (NBC) No. 563*.

Para sa pagpaparehistro at karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa kanilang mga organizer sa pamamagitan ng pag-email sa sekretarya@pssp.org.ph o sa pamamagitan ng pagtatanong sa telepono sa bilang (02) 434-7973.

Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

J. PROSPERO E. DE VERA III, DPA
Chairperson

OC_003226_08282019